P15.00

COPYRIGHT ©1995 BY PHILIPPINE PUBLISHING CORPORATION

16 JULY 1995
NO. 282

# EXPOSÉ

showbiz
rock 'n' roll
sex!



## ERASERHEADS goes to the MOVIES

PLUS
- The Return of Paco's Column
- The Ultimate Gig Guide
- Campus Happenings
- Aga Muhlach
- Sunshine Cruz

**INA RAYMUNDO:**
Sabado Nights Girl, siya'y bigay sa atin...

X-plosive 7-page special:
## The LOCAL BAND SCENE
featuring INTROVOYS, ERASERHEADS, AFTERIMAGE, RIVERMAYA & MORE!

## WENCY's STAR COMPLEX

**JONATHAN BUENCAMINO:**
"Hindi ako makakabuntis ng babaeng hindi ko mahal. Good boy ako!"

## X-CLUSIVE: Mga Crush Ng Bayan

# spotX

IT'S been an idea for quite some time itong pagbabago ng magasing hawak n'yo, na medyo mag-gear towards the likes, needs, trip, gusto't ibig ng mga henerasyong rak en rol -- kabataan man (sa isip at edad), o may pinagkatandaan na (sa isip at sa edad din). 'Yung tipong rak en rol na musika't musikero at rak en rol na showbiz pa rin, at rak en rol na tipong sexy rin. Medyo halu-halo, pero bawat issue ay may mangingibabaw. But we assure you na 'yung pinaka-trip ng mga rak-en-rolers na mas aktibo ang mas aangat. Tulad ng mga banda, na laking suwerte talaga ng mga kabataan ngayong musikero dahil panahon nila -- ngayon 'yun! -- nang mangyari itong pangingibabaw ng mga Bandang Pinoy, kaya't maraming pahinang allotted sa kanila, hindi lang this issue kundi sa mga susunod pa.

Pero depende rin 'yan sa reaction n'yong mga readers. Kung mas trip n'yo ang mga hip-hop o young stars o mga taga-*Ang TV* o/at *That's Entertainment*, di sige (kahit sigurado kaming mapapakibit-balikat sina **Jayvee del R** at **Rommel L**). Basta kami'y nakahandang maglingkod. Truth is we want to hear from you, dear readers. Communicate with us, send us your letters and photos, call us up (nasa staff box ang address at phone nos. namin), balitaan n'yo kami ng nangyayari sa school n'yo, sa mga youth organization sa lugar n'yo.

At kung gusto n'yong maging writer ng mga tipong rak en rol na article, pasyalan n'yo kami rito sa office at magdala ng sample manuscript o published article (sa school organ o saanpaman). 24 years old and below lang ang puwedeng mag-apply, huh!

Kung super ang looks n'yo o ng friends and acquaintances n'yo, write a paragraph or two about you or about your friend/s, ipadala sa amin with matching best shot at ipa-publish namin dito sa isang special section in our forthcoming issues.

Nagpaikut-ikot na tayo't paubos na'ng space. Just stay with us and the best is yet to come, sabi nga ng isang General na may vision daw for RP 2000.

# EXPOSÉ

# What's INSIDE



## 20 Wency's Star Complex

*by WILLIAM MAGALANG*



May star complex daw si Wency Cornejo ng AfterImage, ayon mismo sa kanya. At hindi lang 'yan, may sinabi pa siyang siguradong "Ikare-react" nina Paco't Jonathan ng Introvoys!

## 4 Banda Rito, Banda Roon...

*by Rommel Llanes*

Mistulang isang Pinoy Rock Historian si Mel (ating copy editor) as he traces the evolution of the Pinoy Band Scene from the big band era hanggang maging Pinoy Alternative ito't magsulputan ang INTROVOYS, ERASERHEADS, AFTER-IMAGE, RIVERMAYA at iba pa...



## 23 Eraserheads Goes To The Movies

*by ROMMEL LLANES*

Yes, may pelikula na sila...para mas marami pa silang kitaing pera? Bakit, mukhang pera na nga ba ang nagse-"sell out" na raw na 'Heads?



## 12 Mga Crush Ng Bayan

*by Ruel Mendoza*

Sa special article na ito, pinagsama-sama ni Ruel ang mga nagpapatibok ng puso ng mga napana ni Cupido: ang Mga Crush Ng Bayan, tulad nina Ina, G, Jao, Donna, Gio atbp.

## 26 Aga

*by ERIC JOHN SALUT &*



## Rustom and Carmina's "2nd Honeymoon"

*by Pilar Mateo*

Showbiz naman. Isang interview with the still-unbeatable Crush Ng Bayan, Aga, and isang pictorial with Rustom and Carmina sa US. All in one page!



## 31 A Sexy Chat With Sunshine

*by William Magalang*

Nakorner namin si Sunshine at pinagtatanong tungkol sa bust nito, sa virginity, sa kaalaman niya sa sex at sa... buhok! A-anong buhok?! Basahin na lang!

## 17 Usapang Buntisan With Jonathan

*by Nonie Nicasio*

Si Jonathan Buencamino ng Introvoys, makakabuntis ng babaeng hindi niya mahal? Hindi yata puwede 'yun, ah, 'di ba good boy si Jonathan? Say mo, Paco?




**PLUS:** 14 DREAM FACTORY by Mario Bautista *(Movie reviews!)*
16 DRUM BEAT by Paco Arespacochaga *(The return!)*
27 TOPSHOT by Ronald Carballo and DEFINITELY by Nitz Miralles *(Showbiz!)*

**And MORE:** 18 CALENDAR, JOINTS, GIGS by Nonie Nicasio *(Kung kayo'y nababato, hindi alam kung saan tutungo, basahin lang ito, makakahanap na kayo ng gimmick sa buong isang linggo!)*
24 CAMPUS HAPPENINGS by Aldrin Cacayan *(Isang pagre-report sa eksena sa loob ng campus para sa young readers ng EXPOSE.)*
30 TV CONNECTION by Ruel Mendoza *(New column!)*
32 FUN PAGE 33 EXPOSÉ YOUR TALENT 34 MAGSULAT KAYO, 'NO!

# SELL OUT!

**OI! ALAM ba news na may movie na ang kininginamits sa g'leng sa attitude at diskarte sa music na Eraserheads?**

**A-ha! Ito 'yung movie nila with Joey de Leon na "Run, Barbie, Run."**

**Alam ba news (uli) kung ano ang papel nila ro'n sa movie? Well, basahin n'yo na lang ang article na 'to para magka-idea kayo kung ano ang mapapanood n'yo sa movie.**



The Eraserheads

KAMI? We play as ourselves. Ako, ang nakalagay ro'n sa credits, **Ely** as himself. Kaya nga ang pangalan ko ro'n, Himself," jokes Ely Buendia, the 'Heads' rhythm guitarist and man behind their hit song *With A Smile*.

"Hindi," bawi niya. "Banda rin kami ro'n. Tungkol kasi sa piracy, sa music piracy, 'yung movie, kaya pumayag kaming lumabas do'n."

May mga linya rin ba silang sasabihin do'n o kakanta lang sila?

Meron din. Supporting kami ro'n ni Joey de Leon, eh," paliwanag pa niya.

Bakit naisipan nilang lumabas sa movie? Hindi ba ang karaniwang pakiyeme ng mga banda ngayon, eh, pang-music lang daw sila't hindi raw sila pang-movie?

"B---t na b---t na kasi kami sa mga ginagawa namin, kaya sinubukan namin ang ibang medium. Narito na kasi kami, eh (sa showbiz), so why not try movies? Para maka-experience naman kami ng iba," sagot naman ni Punk Zappa himself na si **Marcus Adoro**, ang lead guitar at ang boses na sigaw nang sigaw sa mga kanta ng Eraserheads na *Insomya, Bato* at *Alkohol*.

"'Tsaka okey naman 'yung mga nagawang kanta ro'n sa movie. Kahit comedy siya, may mga magaganda namang kanta na nagawa ro'n," sabi naman ni **Buddy Zabala** na bahista't kasalukuyang may side project together with the Heads' drummer **Raymund Marasigan** and some of their musician friends. The project is called **Planet Garapata**, a loose group of funky musicians.

Ano ang mga pangalan nila sa movie?

"Ah, ano, Ely as Marcus and Marcus as Ely," sagot uli ni Marc alyas Nito (lambing na tawag sa kanya sa bahay nila).

"Hindi. Dapat gano'n ang mga pangalan namin do'n, kaya lang hindi sila (producer, director and scriptwriter) pumayag, eh. Kaya 'ayun, as ourselves na lang talaga," bawi ni Marc sa unang sinagot niya.

Di lalong tumibay ang mga akusasyon sa kanila ng ilang banda na may attitude na nagsasabing talagang nag-sell out na ang Eraserheads?

"'Di bale nang sell out, marami namang pera," pasok uli ni Marc. Patuloy pa niya, "'Yang sell out-sell out namang 'yan, 'di lang naman limitado sa 'min 'yan, eh. 'Yung mga nagsasalita rin naman niyan 'yung mga taong gusto ring mag-sell out. Ganyan pa ang attitude nila 'pag 'di pa sila nakakagawa ng album, pero 'pag gumawa na sila, hindi ba sell out na rin 'yun, kasi gusto nilang makilala? Bullshit lang 'yung sinasabi nilang 'yun. Kung ayaw nilang mag-sell out, 'wag silang gumawa ng album o 'wag na lang silang gumawa ng paraan para makilala ng mga tao."

## "'Di bale nang sell out, marami namang pera!"

## — MARCUS Adoro of the ERASERHEADS

**by ROMMEL R. LLANES**

"'Tsaka ang mahal ng ibinayad sa 'min sa movie na 'to, 'no!"

Ows? Magkano? Enough na ba para makabili siya ng sangkatutak na kotse tulad ng sinasabi niya sa Punk Zappa dialogues niya sa *Circus* album nila na malapit na ring maabot ang mark ng una nilang album (*Ultraelectromagneticpop*)?

"Hindi naman gano'n. Basta malaki'ng ibinayad sa 'min. Pero kahit hindi naman malaki ang ibinayad sa 'min, gagawin pa rin namin 'yung movie. Okey naman 'yung script, eh. Binasa muna namin 'yung script bago namin tinanggap. Oks naman kaya ginawa na rin namin. Kaya nga lang ayaw nila 'yung gusto naming palit-palit kami ng mga pangalan."

O, 'ayan. kung trip n'yong makita ang Eraserheads sa una nilang movie, watch n'yo na agad ang *Run, Barbie, Run* 'pag pinalalabas na 'to (July raw yata ang release). **x**

# FREE ERASERHEADS CONCERT HELD AT FRESHMAN LINGÓ

ISANG linggo nang walang katapusang kasiyahan ang dulot ng UP Freshman Orientation Program Committee sa mga bagong freshman na kasasalta pa lamang sa UP campus. Isa itong grand salubong na tinawag nilang *Freshman Lingó*.

Iba't ibang klase ng gimmicks ang ginawa at nangyari sa loob ng linggong sinasakupan ng programa. Alam n'yo naman kapag state universities, you can always expect anything under the sun.



*Eraserheads play for free at the UP "Freshman Lingó"*

During the first day pa lang, ang lahat ng freshman students ay nawili na mag-ikot sa kabuuan ng UP campus, paano'y libre ang rides nila sa mga jeepney na may signboard na Free Ikot Rides. O, 'di ba oks na gimmick 'yun? Kaya't kahit maghapon silang magpaikut-ikot sa loob ng campus ay walang damage sa mga bulsa nila.

Nag-enjoy na sila sa pagsakay sa jeep on the first day, pero mas lalo na nong second day, dahil libre ang umaapaw na fishballs at may discount pa sa kanilang softdrinks na iniinom. Papaano ka ba naman hindi masisiyahan niyan? At nagpatuloy ang activities sa pagkakaroon ng tinatawag nilang Blockodakan. Dito binibigyan ng chance ang bawat block ng mga freshman na magpakuha ng kanilang pictures. Ewan ko nga lang kung may talent fee sila sa gagawin nilang pictorials.

Punung-puno at nag-uumapaw ang happenings sa kabuuan ng linggong 'yun (June 19-25), especially during the last day, kung saan ang pinaka-highlight ay ang ginanap na variety show na may titulong *D'isko Fever*.


Ito talaga 'yung gabing pinakahihintay ng lahat. Dahil para sa mga freshman, ito 'yung first time na makikita nilang mag-perform ang **UP Dance Company, UP Repertory Company, UP Concert Chorus, Kontra-Gapi (Kontemporaryong Gamilang Pilipino)**, Samaskom at ang mga ipinagmamalaki nilang bands like **Fatal Posporos, Acrylic Orange Afternoon, Hampas-Dugo, Burgundy, Agnus Dei, CFK, Indio 1, Tungaw** at ang pinakasikat sa kanilang **Eraserheads.**

Isang jampacked show ang naganap nang gabing iyun dahilan sa ang habol talaga ng lahat ay ang libreng appearance ng Eraserheads na para na ring nagkaroon ng isang mini-concert. Isa talaga itong grand welcome para sa mga freshman. Ayon nga kay **Ely Buendia**, "Ang sarap talagang maging taga-UP!" **X**

# UP LOS BAÑOS STUDENTS' WEEK: SUCCESS!

ANG pagbubukas ng First Students' Week sa University of the Philippines sa Los Baños (UPLB) ay masasabi nating isang ganap na tagumpay. Isang Foot and Motorcade Parade ang ginanap na dinaluhan ng umaabot sa 1,500 mag-aaral na nagmula sa forty-five (45) student organizations representing the academic, civic cultural, dormitory, fraternities, international, religious, sorrorities, varsitarians and the corps of cadets. Ang isang linggong pagdiriwang ay kaalinsabay rin ng ika-35 taong anibersaryo ng Office of Student Affairs (OSA) ng UPLB.

Matapos ang isang napakalaki at colorful grand parade ay nagkaroon ng isang awarding ceremony, kung saan pinarangalan ang grupong may pinakamaraming participant na lumahok at kung sino ang most colorful and creative student organization. Ngunit nakatutuwang isipin na ang parehong awards ay napunta sa international students dahilan sa



*UP Los Baños*

talaga namang napakaganda nilang tingnan sa kanilang colorful national costumes.

Ang theme ng First Students' Week ay Transformation and Enrichment for Truth (STET) na siya ring ongoing program na ipinatutupad ng Office of Student Affairs na may 12 initial projects directed towards the improvement of students' welfare.

Ilan sa major activities na naganap sa kabuuan ng isang linggo (June 19-25) include: series of symposia on the program for the youth by Governor-elect **Joey Lina**, with Senators-elect **Miriam Defensor** and **Gringo Honasan** as guests; a symposium by E. Zobel Foundation and Filipinas 2000; Unity and Peace Prayer Rally (UPPR); sports competitions painting and essay writing contests; film showing; tree planting; awards night for students' organizations; and tranksgiving mass.

Pero ang lahat ng ito ay hindi lang dito nagtatapos, dahil sa dami ng naka-line up na activities ay kinakailangan pa nilang mag-extend ng another week pa para mas maging complete at maganda ang celebration. At sa mga nasabing extension days ay magkakaroon ng *Disco Night, Group Dance Competition, Midnight Madness Bazaars* at ang pinaka-exciting na *Battle Of The Bands.* **X**